

TRANSCRIPTION

Introduction

My name is Maita Chan Gonzaga. I'm with the Ateneo Law School and I will be your moderator for today's event. We are happy to welcome you, of course, to this year's JVO Lecture. This event is co-organized by the Jaime V. Ongpin Center for Business and Government, the Ateneo School of Government, and the Office of the University Development and Alumni Affairs, as well. The JVO Annual Memorial Lecture was inaugurated in 2001 to help raise the awareness of the Filipino people about pressing national development issues in order to empower them to actively engage in nation building, delivered by business leaders, senior government officials, and leading academics.

The lectures have tackled critically important themes in the nexus of democracy and development including climate change, corruption, education, federalism, globalization, health and equity, poverty and national leadership. In order to keep alive the spirit with which Jaime V. Ongpin lived his life to willingness to risk comfort, safety, wealth and personal security for the sake of freedom and democracy and thus, the greater good of our people and country. The lecture series hopes to bring together business and government leaders and Filipinos from all walks of life in continuing national conversation of the present situation and the future direction of the country.

So now on its 22nd year, the lecture will focus on the country's education system. The need for a higher education budget to increase teacher's basic pay, more classrooms and functional facilities, teacher's education support, personnel, and sufficient instructional and educational materials. We would like to acknowledge the presence of individuals from the Department of Education, teachers from public and private schools, and universities, the Ongpin family and the administrators of the Ateneo de Manila University as well. We would also like to greet our online audience, alumni, friends, and colleagues who are tuning in today via the livestream on Ateneo's YouTube channel. So, before we proceed to today's discussion, may I invite Dr. Randy Tuano, Dean of Ateneo School of Government to deliver the welcome remarks and introduce our keynote speaker.

Welcoming Remarks

We are gathered here today for the 22nd Jaime V. Ongpin Annual Memorial Lecture, an event that serves as a platform for intellectual discourse on pressing issues in our society. Today's lecture entitled "Paghihingalo ng Edukasyon: Sintomas, Sakit at Reseta" deals in to the critical examination of the public education system in the Philippines.

The Jaime V. Ongpin Memorial Lecture has been a testament to our commitment, the University's commitment to fostering dialogue and understanding on matters of national significance. Inaugurated in 2001, this lecture aims to raise awareness of Filipino people about pressing national development issues in order to empower them to actively engage in nation building.

Ngayong hapon nagagalak akong ipakilala sa inyo ang ating pangunahing tagapagsalita ng ating talakayan ngayon, para talakayin ang ibat-ibang masalimuot na isyu patungkol sa ating sistemang pang edukasyon na inaalok natin ngayon, pauunlakan tayo ni Ginoong Vladimir Quetua, ang Pambansang Pangulo ng Alliance of Concerned Teachers, isang malawakang samahan ng mga guro at mga propesyonal na naglilingkod sa ating mga paaralan at pamantasan.

Mr. Quetua will speak about several challenges that affect the Philippine education system. Some of these challenges include the issue of inadequate funding, as you know, insufficient budget allocation for education has led to many incidents of overcrowding, outdated learning materials and a shortage of qualified teachers. The disparities in educational opportunities between urban and rural areas remain also a present concern. We all know schools often lack resources, infrastructure necessary for quality education, contributing to the alarming education divide.

We are also very much aware of the precarious situation of our educators, from inadequate compensation to the lack of job security, teachers in the Philippines face numerous challenges that impact the quality of education that they can provide. The relevance of the curriculum is also an important issue as the landscape of global education evolves, meaning, to discuss a curriculum that adapts to the demands of the 21st century. A curriculum that fosters critical thinking, creativity and practical skills is essential to preparing students for the challenges of the modern world. Lastly, the Philippines grapples with the perennial issue of accessibility. Many students particularly from the marginalized sectors face barriers to accessing education due to financial constraints, geographical challenges, or socio-economic factors. Therefore, there's a need to emphasize the importance of inclusive policies that ensure every Filipino has every opportunity to receive a quality education.

Para pasadahan ang mga pangunahing hamon na ito, nilalayon ng talumpati ni Ginoong Quetua na palalimin ang ating dyalogo at pagkilos para sa ating sama samang pagtatrabaho tungo sa pantay pantay, bukas at akmaang sistemang edukasyon para sa ating bansa. Pakinggan natin sya sa pananaw at rekomendasyon na kaniyang tatalakayin ngayong hapon habang tinatahak natin ang mas masalimuot na isyu ng edukasyon sa ating bansa.

Vladimir Quetua is the current lead and national chairperson of the Alliance of Concerned Teachers of the Philippines, the largest teachers' union in the country. He is a public school teacher with over 20 years of experience teaching in public schools in Metro Manila. He is a strong advocate of the rights of the teachers and has led acts in many of the advocacies for the institution of policies such as the higher budget for education and also strengthening the implementation of the K to 12 program.

He is a respected leader among teachers and students alike, and he is known for his commitment to social justice and his dedication to fight for quality education for all Filipinos. Some of his important advocacies and this is also mirrored in the advocacies of his group - increasing the salary of public school teachers to a minimum of P33,000 per month, lobbying for the full implementation of the Magna Carta for public school teachers which provides for the welfare and benefits of public school teachers, and expose the corruption and anomalies in the Department of Education.

Following Mr Quetua's lecture, we are honored to have a panel of presenters who will share their perspectives on vast aspects of education in the Philippines. These esteemed individuals include Ms. Perlita C. Rana, National President of all UP Academic Employees Union, followed by Dr. Gary Devilles, President of the Ateneo de Manila Faculty Association, Dr. David Michael San Juan, Convener of the People's Education Commission, and Dr. Vicente Paqueo, visiting fellow of the Philippine Institute of Development Studies.

As we engage in this electoral exposition, let us keep in mind the words and insights of our distinguished speakers and the reactors who bring their wealth experience and expertise towards the discussion. Together, let us contribute to a deeper understanding of the challenges and opportunities in our education system. I now turn the floor over to our keynote speaker, Mr. Quetua, to commence the lecture. Thank you and I hope you enjoy this lecture.

Talk Proper

Mr Vladimir Quetua

Ako po si Teacher Vlad na madalas niyo pong mapanood sa telebisyon na kasama sa mga na-"red tag." Ako ang Pambansang taga-pangulo ng Alliance of Concerned Teachers, pinakamalaking union na maingay sa sektor ng edukasyon. Bilang isang guro sa pampublikong sektor, lubos naming ikinalulugod ang pagbigay at pagpapaunlak na ibahagi ang pananaw at suri sa ating naghihinalong edukasyon.

Sa panimula, balikan po natin yung mandato ng ating gobyerno ayon sa saligang batas sa Artikulo 14 Section 1 ng ating Konstitusyon, kung saan nakasaad na dapat pangalagaan at itaguyod ng estado ang karapatan ng lahat ng mamamayan, ang mahusay na edukasyon sa lahat ng antas, at dapat magsagawa ng angkop na mga hakbang upang matamo yung gayung edukasyon.

Sa Section 2 malinaw naman po na ang estado ay dapat magtatag, magpanatili at magtustos ng isang kumpleto, sapat at pinag-isang sistema ng edukasyon naaangkop sa pangangailangan ng sambayanan at lipunan. Ito po ang primerong mandato na dapat tupadin ng Kagawaran ng Edukasyon, mismo ng Commission ng Higher Education.

Samantala, sa mas nauna pang batas, ang R.A. 4670, ito po yung tinatawag naming Magna Carta for Public School Teachers, dinideklara na dapat itaguyod at paghusayin ang socio-economic na kalagayan ng mga pampublikong guro, antas ng kanilang pamumuhay, kalagayan sa paggawa, tuntunin sa empleyo, kapantay ng iba pang mga propesyon at oportunidad, upang makapaghihikayat at makapagpanatili ng mas maraming kwalipikadong magsisilbi at magtuturo na mga guro. Sa katunayan, kinikilala po yung pagsulong ng edukasyon ay nakasalalay sa mga kwalipikasyong ito ang kakayahan ng mga kawani at nagtuturo, at ang edukasyon ay isang mahalagang salí sa paglago po ng ekonomiya ng ating bansa.

So, gamit po yung batayang ito, ipapakita po natin kung ano ang manipistasyon o yung tinatawag nating sintomas ng ating naghihinalong edukasyon. Ngayon school year 2023 to 2024, ang kabuuang bilang ng public schools po ay nasa 47,678, iyan po ang elementary, high school, kinder; number of enrollees ay 96M, number of teaching personnel ay 879, iba pa ang non-teaching personnel.

Sa mismong report ni VP Sarah sa kaniyang "Matatag" na report, binanggit niya yung kalagayan ng edukasyon na makikitang napakaliit ang pinaplano ng gobyerno. Makikita na ang total number of school buildings ay 300, imagine 32%; pero kung titingnan natin yung plano na ipapagawa na mga classrooms, makikita nyong talagang napaka conservative ng mga plano ng gobyerno sa mga usapin pa lamang ng classrooms.

Kaya kung titingnan natin ang usapin ng classrooms, hindi nakapagtataka na noong opening of classes ng school year 2023-2024 sa Pampanga, kahit baha ay nagkakalse po ang mga teacher kesa magpunta sila sa tinatawag na Section 3 o basketball court. Pag sinabi pong Section 3, andun po sila sa ilalim ng mango tree. Pagtiyagaan na nila ang mga nabanggit na mga classrooms na yan kasi maski papaano mas matitino o maaayos pa ang mga iyon.

Ang Paoay Elementary School sa Abra, kung saan nakaranas ito ng lindol noong 2022, ay sa isang makeshift na classroom pa rin sila nagka-klase hanggang ngayon. Ang kalagayan ng mga classrooms, maliban sa hindi napagawa; ang kulang din at hindi sapat para sa populasyon ng mga mag-aaral. Sa Cebu, nagka-klase sila sa mga corridors at pathways. Sa isang eskwelahasa naman sa Cavite, ginagawa pa lang ang classrooms doon na sila nagk-klase. Kaya, malinaw ang kakulangan ng classrooms.

At sa mismong datos ng gobyerno na nanggaling, na kung susundin ang international standard na 35 students sa isang classroom, 159,000 classrooms po ang kulang; ang mga guro naman, almost 150,000 ang kulang. Noong araw meron tayong seat/desk sets, nguni't ngayon po ay pinagkakasya na lamang, siksikan dahil nga po sa kakulangan sa mga guro at classrooms. At dahil kulang ang mga education support personnel, kaming mga teachers na din ang taga-sukat ng height at weight ng mga estudyante, tagapagpakain, lahat ng trabaho na hindi namin trabaho, gagawin namin yun. Kaya hindi lang po kami DEPED, kami po ay DILG rin na nagpapatakbo ng student government; canteen operator din po kami, security guard, DOH, lahat po ng ahensya ng gobyerno ay alam na po namin gawin, pati na Red Cross.

Ganiyan ang kalagayan sa loob ng paaralan, napakamiserable talaga. Parang hindi tayo dumaan sa krisis. Kasi sa ibang bansa dahil sa pandemya, pinondohan ng gobyerno ang mga kakulangan.

At tungkol sa kakulangan ng mga guro, dati ang biruan namin, ang classroom ay parang sardinas dahil siksikan; hindi na po yun uso ngayon, dahil sa dami ng mga estudyante, ang description namin ngayon ay Maling, alam nyo po yung Maling noh? Yun talagang wala ng espasyo.

Pumunta po kayo sa Batasan National High School, 80 po ang estudyante sa loob ng classroom. Ako, kakagaling ko lang sa klase, meron po akong 66 na estudyante. Nakaraan na ang pandemya, ngunit kulang pa rin ang mga silid aralan, walang mga pasilidad. Noon panahon nga po ng Abril at Mayo, tag-init, karamihan po ng public schools ay walang clinic, at kung may clinic man ay wala naman mga nurse. Maliban dyan, ang teacher ay overworked na din. Tulad ng isang octopus, ang dami na nya mga kamay. Katulad ng ibang regular na teachers, maliban sa pagtuturo ay naghahanda rin sila ng lesson plan sa araw ng linggo pa lamang. Nangangasiwa sa klase at mga gawaing administratibo, at nagkokoordina din ng iba pang mga gawain. Hindi na alam kung ano ang kanilang itsura. Ito ngang nakaraang barangay elections, tinanong tayo "may panahon pa ba kayong magpunta sa todos los santos?" Sabi namin na hindi na kailangan pang mag costume kasi mukha na kaming mga patay sa itsura namin. Taga bantay pa din kami sa elections. Katunayan na ang dami ng ginagawa ng mga teachers. Pero sa kabila ng mga ito, ano ang plano ng gobyerno para sa kalagayan ng mga teachers?

Noong panahon ng pandemya, may mga ilang datos tayong lumalabas na maraming teachers ang umalis sa serbisyo hindi dahil sa sakit. Umalis sila dahil sa dagdag na gastos. Sa tala ng Alliance of Concerned Teachers, 2 months of our salary ay napupunta po sa pag-abono. Bumili kami ng kulay berde na background para sa online, bumili kami ng ring light, bumili po kami ng laptop. Ang nabalitang laptop po ay konti lang po ang nabigyan noon. So, ang lahat po ay binibili namin. Ang biro nga namin, ang teacher ay ang tanging propesyon na ang gamit sa bahay ay dinadala sa paaralan. Kapag gutom ang bata at walang pamasahay ay kami rin ang nagbibigay niyan, chalk nga ay kami din ang bumibili, pati white board marker. Maliban po sa "abono" ay wala din po mga benepisyo.

Noong panahon ng pandemya, 77 days ang nilaan namin pero hindi pa kami nababayaran hanggang ngayon. Ang aming mga benepisyo, maliban sa kulang o delayed, ay talagang unti unting mga nawawala. Walang suporta mismo sa pansarili at propesyonal na pagpapaunlad. Napakaliit na ng sweldo tapos ang mga benepisyo ay kulang at kapos pa.

Anu-ano po ang mga manifestations na ang mga teachers ay underpaid? Makikita po ninyo na ang sahod ng teacher ay talagang yung maghahabol ka talaga, ang family living wage kung pagbabatayan po natin yung NEDA report noong 2018 at ng IBON Foundation, sa totoo lang po dapat PHP40,000 na. For the sake of discussion, given na 35K o 42K na ang sahod ng mga teachers, Ang sahod naman po ng mga non-teaching personnel ay PHP13,000 lamang; kaming mga teachers po ay PHP27,000 naman. Di po kayo nagkakamali, PHP27,000. Noong 1989, magkano sahod ng teacher? PHP3102; panahon ni GMA, PHP9939. Ngayon ang huling tranche ng salary standardization law nguni't wala pa kaming inaasahan na pagtaas ng sahod para po sa lahat ng public school teachers. Kung meron man tinatawag na budget for salary adjustment ay napakaliit lamang nun, so ang laki ng hahabulin lalo na doon sa mga kapatid natin sa state colleges and universities, at hindi na sila makahabol. Pag pumunta po kayo sa Camotes Island, may eskwelahan po dyan na napuntahan natin, half of the teachers in the school ay nasa Australia at Canada na. Iyong school ko po sa Carlos Albert, tatlong members po namin ng PE ay nasa Australia at nasa Phuket, Thailand na po. Bakit? Dahil napakaliit po ng sahod dito sa Pilipinas. May

teacher po kami nagga-grab driver, may teacher po kami bantay ng canteen, nagwewelding po, dahil nga po napakaliit ng sahod.

Ayon sa Magna Carta, napag iwanan na ang sweldo ng teacher, hindi tulad ng mga nurses na naipanalò nila ang kaso nila sa Supreme Court, at ang mga sundalo at pulis na nakakuha ng dagdag na sahod at benepisyo noong panahon ni President Duterte. Sinasabi dito - the salaries shall compare favorably with those paid in other occupations; they shall be such as to ensure teachers a reasonable standard of life; pero sa realidad po ay hindi ganoon.

Ang mga teachers ay "under attack" pa. Ilan lang po yan sa mga halimbawa na teacher leaders namin, na dahil pinag iingay niya yung sektor ng edukasyon - yan po si Teacher Lai na nasa abroad na po, si teacher Opel ay dismissed na, yan po ang aming leader sa Region 3 na iyong broad daylight ay kinidnap sa Cebu Pier, si teacher Diane sa Cebu at si teacher Florante ng Region 1. Ilan po yan sa inaatake - ang Region 1 Union, ang Region 5 Union. Imagine, ang collective negotiation agreement ay dokumento daw po ng mga rebelde. Saan ka nakakita ng ganun?

Kaya sa buong kalagayan na iyan, saan nanggagaling ang sakit nito? Syempre ang pinanggagalingan ay ang liberal na edukasyon, kung saan nakapadron ang ating edukasyon, sa kabuuang sistemang umiikot. At ano nga ba ang sinasabi nating liberal na edukasyon? Iyan ang pinabayaang sektor ng edukasyon kung saan ang pondo mismo ay hindi naman po prayoridad. Malinaw po kung titingnan po natin yung mga konstitusyon ay hindi po sya prayoridad. Sa katunayan, pabawas ng pabawas ang budget sa edukasyon, hindi lamang sa sektor ng Basic Education kundi sa Higher Education din.

Kaya ano po ang aming reseta? Meron po kaming 7 kahilingan. Nang nanumpa ang presidente at bise presidente ng June 30, July 13 ay pumunta na tayo sa DEPED, binigay na nating yung 7 reseta pero hanggang ngayon ay hindi pa tayo kinakausap ng DEPED.

Ano po ang 7 reseta?

1. Itaas ang sweldo ng mga guro at mga non-teaching personnel;
2. Dagdagan at mas maayos na benepisyo para sa guro at kawani
3. Punan ang matinding kakulangan upang maresolba ang krisis sa pagkatuto
4. Ibasura ang confidential at intelligence funds at iredirehe ang budget sa mga pangangailangan sa edukasyon at iba pang serbisyong panlipunan
5. Doblehin ang budget sa edukasyon at gawing katumbas ng 6% ng GDP
6. Kilalanin at igalang ang karapatan sa pag uunyon imbes na red tag ang ginagawa
7. Itaguyod ang makabayan, progresibo, at libreng edukasyon.

Ms. Perlita Rana

Bilang taga UP, siguro ako yung pinaka representative mula po sa state universities and colleges. Sa UP po at dahil kami po ay mga taong gobyerno, meron po kaming tinatawag na Salary Standardization Law na gumagawa po muna ng batas bago po kami ay magkaroon ng increase sa aming sweldo. Ang pagtaas po ng aming sahod ay nagsimula noong 2020 at natapos ngayong taon, 2023. PHP13,000 ang pinakamababa na sweldo. Sa UP, ang sweldo na PHP13,000 na may item o tinatawag na regular ay nasa 1,000 katao out of 14,000 na mga empleyado. Meron mga 2,000 empleyado ang nasa Salary Grades 1, 2, at 3, at yan po ay below minimum wage.

Bilang unyon, meron po kaming CNA o Collective Negotiation Agreement at meron po kaming rice allowance na PHP2350 na ngayon ay hindi na makakabili ng matinong bigas na Php54 per kilo. Meron din po kami sana Annual Incentive Grann (AIG), grocery allowance, at CNA Incentive, ngunit wala na po yang pagtaas since 2020 dahil pinagbabawal na po sa batas ngayon. Pinagbabawal nila makipag-negotiate ng increase sa mga ganitong klaseng benepisyo.

Patuloy po ang kontraktwalisasyon sa UP, sa Iba po ay 6 months, dito po kasi sa UP parang forever yung mga contractual, so may forever po talaga. Lagi po yan every year, kapag December po kinakabahan na yung mga taong naka kontrata kasi hindi nila alam kung next year ay may trabaho pa sila. No work-no pay din po sila kaya kapag nagi-implement ng mahahabang bakasyon ay wala silang sweldo.

Nag-aagawan din kami sa mga promosyon dahil parang nagtatalaga sila ng budget para sa promosyon pero napakaliit lamang niyan, kaya kahit qualified ka for promotion ay maaari kang hindi rin mabigyan. Sa gobyerno dati, pag may item ay mare-regular ka, pero ngayon ay pino-forever ka nilang contractual, so parang may mga pag atras sa patakaran na ito. Isa pang halimbawa ng benepisyo na nawala na rin, kapag magkakaran po ng SONA sa Diliman, at dahil sa traffic po in idudulot nito, sasabihin sa amin na wala na kaming pasok. Pero ngayon po sasabihin sa amin, "oh mag work from home kayo"; at kapag bumabagyo naman, "oh mag-online class kayo" na para bagang walang bagyo sa Pasig o sa Marikina o saan mang lugar.

Meron din po mga commercialization ng mga espasyo. Ang mga nasunog na gusali ay pinalitan ng mga commercial buildings, na parang akala nila ay matutuwa kami magkaroon ng Starbucks, na parang good news sa amin, pero syempre hindi, kasi yung mga sweldo namin ay hindi naman kayang makabili sa Starbucks.

Maraming nagaganap na pagbabago at pagtatayo ng mga bagong gusali sa Diliman campus, at galing daw Ito sa mga donations. Ngunit parang sinayang lang ang mga donations kasi wala namang saysay ang pinagawa nila, at hindi rin nakatulong. Nagkaroon ng viewing deck na wala namang view, nagkaroon ng bridge na walang ilog. Sana ay nailagay na lang ang mga donasyon sa ibang bagay kasi talagang salat din kami. Sa halip na "moving forward" ika nga, naka-"freeze" po kami pagdating sa sahod, benepisyo at karapatan.

So ano po yung Sakit namin? Bakit ganun po ang kalagayan? Ang sabi po ng CHED ayon mismo sa mga datos:

1. More than 50% of the 4.1 million college students in 2022 are enrolled in public universities
2. Dramatic increase in enrolment In SUCs and LUCs since the passing of Universal Access to Quality Tertiary Education Act (UAQTE) in 2017
3. SUCs and LUCs are stretched to their limits.
4. 59% of college-aged Filipino youth are out-of-school
5. 4 in every 10 who enroll in college eventually drop out and do not graduate.

Napakalaki ng pangangailangan para sa sapat na badyet sa mga pampublikong unibersidad. Pinag uusapan na ang budget next year, ang tanong, para saan ba yung budget for next year?

Pag tiningnan ang budget para sa Edukasyon, tumataas nga ito ngunit ang halaga nito ay hindi na nakakasabay sa pagtaas ng presyo. Para sa 2024, ayon sa aming presidente, 20% daw ng national budget for SUCs ay sa UP mapupunta. Pero ang budget ngayon ay nasa negative, hindi sya nag i-increase ng tama. At congratulations po sa amin, nasa top 1 po kami ng mga SUCs na may budget cut, nabawasan po kami ng 2.9B. Makikita nyo yan sa halip na nag i-increase ang proposal para sa mga SUCs ay nagne-negative o nagde-decrease pa.

Saan ba yung binawasan na badyet? May nagpaliwanag nito sa TV na ang nabawasan lang naman daw ay ang capital outlay na hindi naman daw kailangan. Pero ang problema po kasi sa capital outlay, pag more than 50,000 ang kailangan mo sa isang bagay, sa capital outlay mo na kinukuha yan at hindi na sa maintenance budget. Ngunit ang problema po kasi, ang mga pampagawa ng ganitong bagay ay naabutan ng pagtaas ng presyo dahil sa pandemya, so talagang may pangangailangan na dagdagan ang capital outlay.

Sa Maintenance and Other Operating Expenses (MOOE) po namin kinukuha ang pambili ng mga printer o computer na less than 50,000. Dyan din po namin kinukuha ang pambayad sa mga contractual, pag binawasan yan pwedeng mabawasan ang aming mga empleyado na contractual. So, makikita nyo na pati sa Philippine General Hospital, nabawasan din po yung kanilang MOOE, ang mga kondisyon ng medical services at facilities ay lalala kung hindi na mame-maintain.

Bakit kapos ang budget? Saan po ba napupunta? Kasi lumolobo po ang mga secret funds ng ahensya. Kung mag cut man sila ng budget sa mga SUCs ay meron naman pong additional sa confidential and intelligence funds. Inaakyat din po nila ang budget sa mga taga "red tag" nila.

Ang DICT na in charge sa ating mga National IDs meron silang pag increase ng budget pero wala pa ang National IDs natin. At talagang napupunta and budget pambayad para sa interest ng utang.

Ang sumatotal, makikita natin na hindi ang mamamayan ang prayoridad ng gobyerno. At ano ba ang reseta? Dapat magkaisa po tayo at kumilos, mamulat po tayo, makiisa sa ating mga panawagan:

1. Sana madagdagan ang budget ng mga state colleges at universities
2. Magkaroon ng mas mataas na budget sa edukasyon at social services
3. I-abolish ang confidential and intelligence funds, at
4. Ipaglaban natin ang 'truly pro people' 2024 budget.

Dr. Gary Devilles

What's happening to Ateneo, particularly in its Loyola Schools or Higher Education? Ano ang mga hinaing? Pag sinabi nating we are doing symptomatic reading, we're always into trying to figure out saan nga ba galing ang sakit na ito, di ba? And from there, we make a diagnosis. Therefore, we are hoping na sana guminhawa ang ating pakiramdam.

Anu-ano itong mga hinaing na ito? Una - ang hinaing sa regularisasyon ng mga guro sa basic at higher education. Hindi kaila na kakaiba na ang batayan ng regularisasyon ng mga guro kung iku-kumpara sa ibang mga fields. Sa iba kasi, 6 buwan lang di ba and if they have a good evaluation, then they're regularized. For teachers, it usually takes 3 years sa basic education, at kailangan ay maipasa din ang Licensure Examinato in for Teachers (LET).

Sa Higher Education naman, kailangan matapos ang MA, at hindi agad-agad natatapos ang MA sa loob ng 3 taon, that's the reality. Kaya kailangan ay maganda din ang evaluation ng isang guro. So ang isang instructor level, sinasabi nating kailangan bago sya maging instructor, mag-aaral muna sya at pagka- graduate niya halimbawa ng AB o BS ay kailangan pa niyang mag aral ng MA, at doon lamang sya talaga magiging instructor. Dito pa lamang makikita na natin na hindi patas ang pagtingin sa kaguruan bilang labor force. Meron na agad

nadagdag na pasanin sa kaniya bago pa man sya maging regular at ito rin ang nagiging dahilan ng napakaraming suliranin. Dhindi naman lahat ay papalarin matapos ang MA sa loob ng 3 taon. Marami sa mga nag-aaral ng Masteral ay nagpa-part-time dahil kakailanganin nila ang sweldo para ipang-tustos nila sa kanilang pag-aaral - tuition fee, pambili ng mga aklat at para sa field work. At dahil hindi sapat ang sueldo, kumukuha rin sila ng part-time teaching load sa mga universities. Nangyayari na sa amin yung part-time sya sa Ateneo, part-time din sya sa La Salle o part-time din sya sa UP, kung saan-saan sya nagpapart-time. Ang kakalabasan niya ay mga lima hanggang anim na klase ang kaniyang tinuturuan sa loob ng isang araw, at pagkatapos, sa bandang huli, mga alas-6 ng gabi hanggang alas-9, mag-aaral sya. So, ganun ang mga estudyante ko sa MA, kung minsan nale-late nga sila pag pumapasok sa MA kasi nagtuturo pa sila from 8 to 5 PM, marami silang part-time work and they study at night.

Sa isang banda ay pabor ang ganitong sistema sa mga pribadong paaralan o pamantasan dahil walang gaanong benefits na naibibigay sa kanila dahil nga sila ay part-time faculty lamang. Yun nga lang, makikita natin ang magiging epekto nito sa isang kagawaran o department. Naging pangulo ako ng Kagawaran ng Filipino at isa ito sa mga naging suliranin ko, dahil halos kalahati ng kaguruan namin ay part-time. Hindi mo sila maaasahan kasi kapag part time you cannot expect them to work beyond their teaching hours. Kaya ang hirap magkaroon ng mga departmental activities that will usually rely heavily on the junior teachers, at sila ang very active to do or conduct seminars, for example, and most of them are part-time. Ang mga senior faculty namin ay hirap na sa gawaing Ito.

It's always disheartening, as a chair, that you will have to talk to them to say goodbye, thank them for their service, and express that we look forward to their return, kasi yung part-time ay based lang din yan sa pangangailangan. Ang numbers of enrollment ay nalalaman namin by June or July usually, and then, the first thing that the chair will do is to farm it out sa mga full-time faculty namin. Then, you count kung ilan ang kailangan na i-hire na part-time faculty.

At dahil may summer na 2 buwan na wala silang pagturo, at nag-aaral sila, saan sila kukuha ng pang tuition fee? Sa Ateneo, ang full-time faculty ay kailangan magturo ng 30 units per year, hinahati namin yun usually first at second semesters tig- 12 units, which is 4 classes per semester; and 6 units for summer. Kung minsan ang ginagawa ko sa mga full-time faculty namin, tinatanong ko "meron ka bang makukuhang grant this summer?" or "Can you do 15 units per semester so that wala kang load ng summer?" pero patuloy pa rin naman ang sweldo nila as full-time employees. I will have to ask talaga kasi sayang ang teaching load na yun and I prefer to give it to a part-time faculty. And sometimes they do, but that is not enough, it's always not enough. There will always be more part-time employees who will need the 6 units teaching load.

Ibang hirap din ang hinaharap namin sa pagbabago ng curriculum. In our case, sa Filipino department, dahil nagbago ang curriculum, instead of teaching 9 units of core or general subjects, we are now teaching 6 units only. At dahil dyan, nagbawas talaga kami ng mga guro. Bukod pa dyan, kailangan namin paramihin ang aming major subjects, o ang mga students namin na kukuha ng major subjects. Dahil sa taas ng tuition fee sa mga pribadong pamantasan ngayon, paunti-unti na lang ang kumukuha ng mga kurso sa Humanities, especially sa Literature o Panitikang Pilipino, we only have 1-2 students every year.

Ang ganitong sistema ay lumilikha ng paikot ikot na suliranin na kung minsan nga talagang ang mismong part-time faculty namin ang nagpapasya na ayaw nilang maging full-time dahil mawawala sa kanila ang kalayaan na mag part-time din sa ibang pamantasan.

Dadako tayo ngayon sa ikalawang hinaing - paano kung makatapos sya ng MA, maganda ang kaniyang evaluation at naging permanente sya, sapat ba ang kikitain niya? Tulad ng nabanggit sa report ng Ibon Foundation, kakailanganin ng PHP1,187 per day para suportahan ang isang pamilya na may 3 anak. At napaka-basic lamang nito - pagkain, damit, kuryente, at tubig. Kahit pa itinaas ang minimum wage sa PHP610, kulang na kulang ito para makaagapay sa pang araw-araw.

Ang isang nakatapos ng MA na may magandang evaluation at naging full time sa Ateneo ay kumikita ng PHP35,000 per month bilang instructor sa entry level. Ang kaniyang take home pay kapag nabawas na ang mga tax ay PHP30,000 na lang. Samakatuwid, kada araw ay kumikita sya ng PHP1,000. Dito palang makikita natin na hindi sya makakasuperta ng pamilya, kaya bawal mag pamilya, walang lovelife. Kung tutumbasan natin ito ng apat na klase na mayroong 25 students sa bawat klase, lumalabas na ang isang estudyante ay nagbabayad sa kaniya ng PHP10, kaya parang di-metro talaga ang mangyayari sa kaniya. Sa tuwing humaharap sya sa kaniyang klase, ang nakikita niya ay PHP250 na kikitain niya sa araw na iyon, at kung nag taxi pa sya papasok sa Ateneo at nagbayad sya ng PHP250, bago pa man sya magturo sa klase ay lusaw na ito. Kaya tama ang sinasabi ni Karl Marx "all that solid melts into air."

Sa isang banda, pwede naman magtiis ng kaunti ang isang instructor sa Ateneo at kailangan niyang maging magaling para ma promote. Subalit para ma promote, halimbawa, sa assistant professor level, kailangan matapos niya ang kaniyang doctorate studies. At kadalasan 5 taon ang tinatagal ng pag-aaral nito kung full time kang mag-aaral. That means, magle-leave ka talaga. And in other cases, you have to get a grant especially if you are taking your doctorate abroad. Pero ang iba sa amin ay either in Ateneo or sa UP ang aming pagkuha ng PhD. At hindi kadalasan in 5 years ay matatapos ang PhD. Para sa mga part-time students, anim o walong taon

ito. Tulad ng MA, may comprehensive exam at dissertation ito, hinihingi rin na mailathala bilang artikulo o aklat ang iyong mga pag-aaral. Ibang uri ng pag-sirko na naman ang gagawin ng isang instructor at habang lumalaon ay nalalaman niya na ang buhay sa akademya ay walang patid na paglalathala ng iyong saliksik, pagtuturo, at pakikisalamuha sa komunidad ng akademya.

Ito marahil ang 3 hinaing lalo na sa mga nasa assistant at associate professor level, na nagiging higit na mahirap talagang abutin ang full professor level. Marami na ang nagreretiro sa associate professor level pa lamang. At sa paglalatatag ng mga hinaing na ito ng buhay sa akademya sa pribadong sektor, ano na ang diagnosis? Ano na ang posibleng reseta? Tulad ng sinabi ko kanina na if you're doing a symptomatic reading, and me as a teacher sa literature, lagi kong tinuturo ito at I will use Chapter 19 of Noli Me Tangere, Malinaw sa guro sa kabanatang iyon na ang anumang reporma o pagbabago sa edukasyon na ibig nyang gawin ay magaganap lamang kung susuportahan ng pamahalaan at ng taong bayan.

Kailangan ding makita na ang guro ay bahagi ng labor force ng bansa, na kapag ina-assign sya bilang election officer ay nagugutom din sya at kailangan bayaran sya sa mga oras na iginugol nila doon. At kung nagtaas na ng sahod ang ibang kawani gaya ng sundalo, kapulisan, at nurse, kailangan pumantay na rin ang kagawaran dito. Sa pribadong sektor, nariyan pa rin ang kahilingan na maging competitive ang sahod lalong-lalo na sa mga nangungunang pamantasan. Kung nagkakaroon tayo ng mga indicators ng kagalingan mula sa iba't-ibang rankings sa unibersidad sa buong mundo, kahit paano dapat hindi nahuhuli ang pasahod sa mga faculty sa mga pamantasang nasa hanay na natin. Kaya rin naman maipagmamalaki ang pamantasan sa rankings ng mga ito ay dahil na rin sa mga faculty at magagawa lamang ito kung makikinig tayo sa isat isa.

Tulad ni Crisostomo Ibarra, pinakinggan niya ang guro. Halos higit isang daang taon na ng malathala ang Noli Me Tangere at hanggang ngayon ay yun pa rin ang ating suliranin. Ipinagmamalaki natin si Rizal na nag-aral sa Ateneo, sana makita at maunawaan din natin ang kaniyang pananaw sa reporma sa edukasyon, at hindi isang nobela lamang.

Dr. David Michael San Juan

Galing sa "Noli Me Tangere", ay El Filibusterismo naman ang idi-discuss natin o ang Ibong Mandaragit ni Amado V Hernandez dahil ito ang lohikal na karugtong ng El Fili, mas matatalakay yung mga socio economic problems ng Pilipinas, and of course, ang ultimate solution na ino-offer ni National Artist for Literature, Amado V. Hernandez, ay pagbabago talaga ng sistema. Pero syempre bago dumating sa pagbabago ng sistema, pwedeng mag focus muna sa maliliit na pagbabago kagaya ng pagbabago sa edukasyon. Kaya tatalakay ay doctor din naman ako, pero hindi medical doctor, kundi PhD, so magre-reseta din ako. Tatlo lang muna ang ire-reseta ko kasi agree ako lahat dun sa pitong reseta ni Sir Vlad.

Pero alam ko na napakakumplikado ng sitwasyon sa Pilipinas, maraming magkakaibang pangkat at grupo. Sa tingin ko, merong 3 na kahit saan ka manggaling - kaliwa, kanan, o gitna ng political spectrum, mayaman, mahirap, o middle class, sa tingin ko sa tatlong ito magkakasundo na tayo. Yung seven kasi, maraming demands dun. Syempre, yung mga nasa gobyerno, ayaw nila na alisin ang confidential funds, inalis ko muna yun kahit na sang-ayon din ako na alisin dapat yun. So, yun ang layunin ng maikling reaksiyon ko sa mga tinalakay ngayon. Kaya ang tawag ko dito ay tatlong simpleng reseta sa problemang pang edukasyon ng Pilipinas.

Isang basic problem natin ngayon ay ang quality of education in the Philippines. Ang datos sa learning poverty o sa tagalog, kadahupan sa pagkatuto, o kapag pinasimple ito, yung porsiento ng mga estudyante na dapat ay nakakapagbasa na pero hindi nakakapagbasa ng maayos, in other words, walang reading comprehension o hindi naiintindihan yung kanilang binabasa. Ang focus ng learning poverty data ng World Bank noong 2022 ay ang Basic Education.

